



Checklist ng Aplikasyon sa Longfellow Corner



Salamat sa interes mo sa ari-arian na ito. Para makumpleto ang aplikasyon mo, lahat ng miyembro ng sambahayan na 18 taong gulang pataas ay kailangang dumalo sa naka-iskedyul na panayam. Mangyaring dalhin ang mga sumusunod na dokumento:

1. Social Security Number (SSN) cards o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) para sa lahat ng miyembro ng sambahayan (anuman ang kanilang edad). Ang ITIN ay isang tax processing number na ibinibigay sa ilang nonresident at resident immigrants, pati na rin sa kanilang mga asawa at dependent na hindi maaaring makakuha ng Social Security Number (SSN).
2. Birth certificates para sa lahat ng menor de edad
3. ID ng larawan ng estado o bansa (hal. Driver's License, Passport, atbp.) para sa lahat ng aplikanteng 18 taong gulang pataas
4. Bayad sa aplikasyon na \$28.00 (cashier's check o money order lamang) para sa lahat ng aplikanteng 18 taong gulang pataas

Para sa pagpupulong na ito, mangyaring dalhin din ang mga sumusunod:

Employment:	Mga kopya ng huling tatlong buwan na magkakasunod na pay-stubs (kung ang sahod ay bi-weekly - 7 pay stubs; kung semi-monthly - 6 pay stubs; o kung lingguhan weekly - 13 pay stubs) para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na 18 taong gulang pataas, o katumbas na patunay ng ibang kita.
Self-Employment:	Kopya ng IRS Tax Returns ng nakaraang taon kabilang ang Schedule C (o patunay ng non-filing), kasalukuyang Profit/Loss statement, at listahan ng kasalukuyan o pinakahuling kliyente para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na 18 taong gulang pataas.
SSA o SSI/Disability:	Kasalukuyan o taunang sulat na nagpapakita ng buwanang halaga ng mga benepisyo ng SSA. Para sa mga benepisyo ng SSI/Disability, kailangang may current award letter o printout na inilabas sa loob ng huling 120 araw na nagpapakita ng buwanang halaga para sa lahat ng miyembro ng sambahayan anuman ang edad.
Unemployment Insurance:	Printout ng statement o kopya ng pinakahuling sulat na nagpapakita ng kasalukuyang buwanang benepisyo para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na 18 taong gulang pataas.
Tulong Pinansyal:	Ito ay mga regular na regalo o bayad mula sa sinumang hindi kabilang sa sambahayan (kabilang ang sinumang nagbabayad ng inyong mga bayarin) para sa sinumang miyembro ng sambahayan, anuman ang edad. Kinakailangan ang beripikasyon mula sa taong nagbibigay ng tulong na nagsasaad ng halaga at tagal ng tulong. Kailangan ding magsumite ng 3 magkakasunod na buwan ng bank o asset statements na nagpapakita ng pondo na katumbas ng 18 beses ng taunang halaga ng tulong.
GA/AFDC/TANF:	Kasalukuyang printout ng benepisyong natanggap sa nakaraang 12 buwan o kopya ng pinakahuling Notice of Action letter para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na 18 taong gulang pataas.
Suporta sa Bata at/o Sustento	Kasalukuyang notice mula sa County Office, court order, o sulat mula sa nagbibigay ng suporta na may kasamang kopya ng huling dalawang tseke, para sa lahat ng miyembro ng sambahayan anuman ang edad.
Iba pa:	Kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay tumatanggap ng regular na sahod bilang miyembro ng Armed Forces; severance pay; settlements; napanalunang pera sa lottery o mana; death benefits o dividends mula sa life insurance; trust benefits; o anumang iba pang pinagmumulan ng kita na hindi nakalista dito, mangyaring magbigay ng dokumentong nagpapatunay sa pinagmumulan ng nasabing kita.
Estudyante:	Kasalukuyang Iskedyul ng Klase para sa taong ito
Mga Ari-arian:	Bank statements (para sa lahat ng account) ng lahat ng miyembro ng sambahayan. (6 na magkakasunod na buwan para sa checking accounts at kasalukuyang buwan para sa Savings at Money Market accounts). Prepaid Cards: Kopya ng kasalukuyang account statement o kopya ng harap ng prepaid card at isang kasalukuyang resibo ng ATM na nagpapakita ng balanse ng account. Ang huling apat na numero sa ATM receipt ay dapat tumugma sa huling apat na numero sa card. (Hindi kasama ang CalWORKs cards.) Para sa lahat ng iba pang assets tulad ng IRA, 401K, annuities, CDs, whole life insurance policies, at iba pa, magbigay ng kopya ng pinakahuling statements para sa lahat ng miyembro ng sambahayan. Para sa real estate assets, magbigay ng kopya ng mortgage note at isang third-party market value.

PANTAY NA PAGKAKATAON SA PABAHAY